# Paano maging *bayani?*

ALAY SA UNANG ANIBERSARYO NG PAGKAMARTIR NI
KASAMANG JOSE MARIA SISON





Inilathala ng
Panrehiyong Kagawaran sa Edukasyon - Timog Katagalugan
(KARED-TK)
Disyembre 2023

Ang pabalat ay mula sa likhang sining na "JMS" ni Ka Bagong Pag-asa.

# Paano maging *bayani?*

**ALAY SA UNANG ANIBERSARYO NG PAGKAMARTIR NI KASAMANG JOSE MARIA SISON**

DISYEMBRE 2023



*He who has departed*
*But whose spirit lives on*
*And cannot be exorcised*
*By all sorts of sorcerers*
*Is sometimes carved out*
*From a branch of the oak*
*In the image of his foes*
*For rituals to steal*
*The magic of his name.*

*- excerpt from The Giant Oak*
*Jose Maria Sison*
*December 26, 1993*

*Ang siya'y pumanaw*
*Subalit buhay ang diwa,*
*Ay di napapawi*
*Ng sarisaring kulam.*
*Minsa'y inilililok*
*Sa sanga ng roble*
*Sa hugis ng kanyang mga kalaban*
*Nang sa ritwal ay gamitin*
*Ang mahiko ng pangalan.*

*- mula sa Ang Higanteng Roble*
*Jose Maria Sison*
*Disyembre 26, 1993*

# pambungad

Nag-uumapaw ang pagdakila at pagmamahal ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan kay Kasamang Jose Maria Sison, tagapangulong tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) at lider ng rebolusyong Pilipino na namartir noong Disyembre 16, 2022. Iniwan niya ang napakayamang kaban ng mga aral na silbing gabay sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba sa ating bansa.


Bilang bahagi ng patuloy na pagpupugay kay Ka Joma, inilalathala ng KARED-TK ang librong ***PAANO MAGING BAYANI?*** isang taon matapos ang kanyang pagpanaw. Binubuo ito ng mga handog na akda ng mga makata sa loob at labas ng rehiyong TK, mga sining biswal, at piling litrato mula sa kalunsuran at mga sonang gerilya. Ipinapahayag ng mga likhang sining ang walang hanggang pagpupugay at pasasalamat ng mga kasama kay Ka Joma, kasabay ng panatang tutupdin ang kanyang tagubilin na tiyakin ang pagtatagumpay ng rebolusyon.

Ugaliin nating gawing gabay ang pamana ni Ka Joma upang igpawan ang malalaking hamon at pagsubok na kaakibat ng marahas, masalimuot subalit wastong landas ng rebolusyon. Hinihikayat ang mga organo ng Partido, yunit ng Bagong Hukbong Bayan at organisasyong masa na gamitin at ipalaganap ang librong ito upang palalimin ang pagkilala ng mamamayan kay Ka Joma at sa rebolusyong Pilipino. Itanim natin sa ating mga puso ang deklarasyon ni Ka Joma ilang panahon bago siya bawian ng buhay — hindi magagapi, kailanman, ang rebolusyong Pilipino!

Mabuhay ang alaala ni Kasamang Joma Sison!

Isulong ang rebolusyon hanggang sa tagumpay!





# nilalaman

PAMBUNGAD........6
PARA SA 'YO, KA JOMA........8
HANDOG SA DAKILA........9
ANG MAKATA AY ISANG GERILYA........10
SALAMAT, KA JOMA........11
SAGBAT........13
SILA........14
HULING MARTSA NI AMADO GUERRERO........15
MAGING MAGITING!........17
5 KATANGIAN NI KA JOMA NA DAPAT TULARAN NG KABATAAN........18
PATAY NA SI JOMA........20
PINAKAMATAAS NA PULANG SALUDO, KA JOMA!........22
PAGPUPUGAY AT PASASALAMAT KAY KA JOMA........24
PASASALAMAT........29

**KA JOMA**. Amado Guerrero.

Joe . JMS . Maria . PROFESSOR.



DAKILANG LIDER NG REBOLUSYONG PILIPINO.

# Para sa 'yo, Ka Joma

*ni Ka Jani*

Joe, JMS, Maria
Ka Joma, Amado Guerrero—
Tagapangulong Tagapagtatag,
gabay ng rebolusyong Pilipino.

Sa talim ng bigwas ng iyong mga turo't
aral,
nayayanig ang mga ganid—
imperyalistang mga bansa
MBK, PML at burukratang kapitalista.

Sandatang MLM,
marubdob mong isinabuhay.
Saanmang dakong naroon ka'y
nabubuhay ang unibersal na teorya.

Hindi kayang sukatin ang pagkadakila.
Kulang ang mga salita para
pagpugayan ka.
Tinupad mo ang iyong sinumpaang
misyon.
Maraming salamat sa iyong dakilang
pamana!

Hindi lungkot ang namamayani,
ni panghihinayang o pighati.
Humimlay man ang naupos na
katawan,
mananatiling buhay ang iyong diwa.

Mananahan ka sa pakikibaka
Ng masang manggagawa't magsasaka
Bawat putok ng baril ng Hukbong
Bayan
ay may marka ng iyong katapangan.
Mauulinigan ang iyong tinig
sa bawat protesta sa lansangan,
sa bawat hiyaw para sa kalayaan,
katarungan at pangmatagalang
kapayapaan.

Tunay kang dakila at bayani.
Tanglaw sa mamamayan ng
daigdigan!
Hanggang sa pagdatal ng komunismo,
ipagbubunyi ang iyong kadakilaan!

*18 Disyembre 2022 | 0112H | Oriental Mindoro*



# Handog sa dakila

*ni Ka Zac*

Kulang ang mga salita para ilarawan ang iyong pagkadakila
kaya ito'y aming pupunan ng gawa
ng puspusang pagsisilbi at pakikibaka
itutuloy at isusulong pinasimulan mong digma

Salamat sa diwang iyong ipinunla
patuloy na pinukaw at iyong inahita
hanggang maiangat tungong isang digma
ng demokrasya't paglaya ng lahat ng uring dinusta
Mga turo at alaala mo'y sa isip nakaukit
ng masang hikahos, nagdurusa sa pasakit
dakilang teorya at praktikang iyong ipinamana
patuloy na yayakapin isasalin sa gawa

Ang ipinamalas mong determinasyon
sya namin ngayong matatag na pundasyon
ng pananatili at pagtugon sa gawai't hamon
sa gitna ng matindi, mahirap na sitwasyon

Malungkot kaming hindi ka na nakauwi
para ihimlay ka sa bayang buong buhay kang nagsilbi
pero ang 'yong diwa't pagmamahal sa masang Pilipino
malaon nang pumukaw saming makauring pagkamuhi

Naulila ang bayan sayong pagpanaw
pero tiniyak mo nang darating ating araw
hawak namin ngayong rebong optimismo
sa paniniyak mong mananalo tayo

Hindi magmamaliw kinang ng yong ningning
tulad ng liwanag na hatid ng mga bituin
sa gitna ng dilim, ito ang tanglaw namin
kaya't ang tagumpay tiyak na mararating.

*Unang lumabas sa Ang Pulang Larangan, Isyu ng Unang Kwarto 2023*








# Ang makata ay isang gerilya

*ni Adel Serafin*

Naging dalubhasa siya sa pagbanyuhay ng mga salita,
Umukit ng pangalan bilang paham sa dayo at katutubong wika,
Ipinanganak mang may gintong kutsara sa bibig,
Sa buhay ng hamak at dukha siya ay natigatig.

Binagtas niya ang daang putik at puno ng ligalig,
Taliwas sa nakaguhit nang landas na pangako'y langit.
Sinalunga niya ang mga alon at alimpuyo ng kanyang panahon,
Kahit katumbas nito'y pagtalikod sa kanyang buhay-panginoon.

Dahil ang makata ay isang gerilya,
Niyapos niya ang mundo ng hinagpis at dusa,
Ang pagkaaba ng mga aba, ang sakit ng nagpapakasakit
Ang mga musang lumipos sa kanyang tugmaa't panitik.

Naging singtibay ng asero ang kanyang pluma,
'singtalas ng karit ang kanyang pananalita,
Nagluwal ng isang partidong muog, hukbo at bagong kapangyarihan
Ang napanday at napayaman niyang aral at kaisipan.

Sapagkat kumakawala sa mga pahina,
Ang bisa ng isinatitik niyang paghamon sa kabulukan,
Lakas itong yumanig sa pagkaganid ng iilan,
Sa pinagtatampisawang yaman at nakaw na kapangyarihan.




Dahil ang makata ay isang gerilya,
Nakilala natin siyang lahat sa simpleng 'Ka Joma,'
Ang kanyang sinimulan at pinanday na kilusan,
Ang lakas ng maliliit na bumibigwas sa higanteng gahaman!

*Disyembre 15, 2023*






*ni Ka Pleni*

Sa syensyang iyong tinalos
Inakyat mo ang pinakamataas na bundok
Upang abutin at matamang arukin ang MaLeMa
'Pagkat batid mong walang daang-hari tungong syensya.

Nag-ambag ka nang makabuluhan
Sa pandaigdigang proletaryong kilusan
At ang pangkalahatang teorya ng komunista
Ay inilapat mo nang mapanlikha
Sa kongkretong kalagayan at praktika
Ng pakikibaka at pagpapalaya sa ating bansa.

Sinuri mo ang mga maling linya
Na bitbit ng mga rebisyunista't oportunista
Mapangahas mong iginiit ang tama
At muling itinatag ang Partido Komunista.

Lumubog at malalim kang umugat
Sa malawak na masang naghihirap
Dinama mo ang makakapal nilang mga kalyo
Nabakas mo sa kanilang mga bisig
Ang maghapo't magdamag na produksyon.
Kilalang-kilala na rin ng iyong mga tainga
Ang daing at kalam ng kanilang sikmura
Ang paghigit sa sinturong lalong pinahihigpit
Ng kalagayan nilang lubhang ginigipit.
Ang bawat patak ng kanilang luha't pawis
Na hindi tinutumbasan ng mga ganid
Ng sapat na sahod at kitang sa kanila'y ibinabalik.
Pinupuyos ka ng makauring galit
Sa bawat nilalabag na karapatan
At pinapaslang na buhay
ng nakikibakang uring anakpawis.




Ang dahas ng estado'y di sa 'yo nalilingid
'Pagkat dinanas mo mismo ang kanilang pagmamalupit
Katawan mo man noo'y ipiniit,
Ang rebolusyonaryong diwa mo'y hindi nawaglit.

Nang maghalo ang tama at mali
Ay mapagpasya mong iginuhit
Ang linya sa pagitan ng wasto at lihis
Muling pinagtibay ang mga saligang prinsipyo
At pinagtagumpay ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Dahil sa panunugis sa 'yo ng mga reaksyunaryo
Nanatili ka sa malayo't lupaing dayo
Gayunman, sa iyong mga matalinong gabay at turo
Dinala ng proletaryong Pilipino
Ang sulo ng rebolusyon sa buong mundo.

Walang pagdududang hinatulan mo
Na makatwiran ang demokratikong rebolusyong Pilipino
At tiyak na hindi ito magugupo
Ng alinmang pasista-teroristang estado
Dahil ito ay tinatangkilik ng sambayanan
Sinusuportahan at nilalahukan
Inaangking kanila
Niyayakap ang pakikibaka
At nagpupunyaging ubos-kaya
Habang tinatanaw ang mapulang umaga —
Ang mithing lipunang sosyalista.

Pumanaw ka man, Ka Joma,
Iniwan mong malawak ang gubat ng pakikibaka
Na iyong pinasimulan at ipinunla.
Sa iyong mga teorya't gabay,

Yumabong ang pagbabalikwas
Ang mga luha ay naging pagpupumiglas
At nagdulot ng malalaking bigwas
Sa palalong kaaway ng sambayanan.

Salamat, Ka Joma,
Ang kabang-yaman ng iyong mga aral
Ay mabubuhay nang walang hanggan.
Hanggang sa pagtatagumpay ng digmang bayan
At pagtatatag ng sosyalistang lipunan
Laging tatanganan naming mga kabataan
Ang iyong dakilang gabay.

Ang iyong mga bilin
Ay di kailanman magmamaliw
Tila bituin, patuloy na magniningning
Magsisilbing tanglaw
Sa pagmartsa sa rebolusyonaryong landas.

*Disyembre 16, 2023*

# Sagbat

*ni V. Sanggangbayan*

Kaytatag ng tuon ng 'yong paa sa gitna ng sagupaan
ng bato, para kang monumentong nakatindig at nakadurô,
ang hintuturo sa direksyon na nararapat sa nagtatanong;

kahit sa naguguluhan. Handa, sigurado ang 'yong sagot –
sa nagmamahal ay paglilingkod at pag-aalay ng buhay
at sa napopoot ay tagisan-ng-bagang sa makatwirang

armadong tunggalian. Mapangahas mong sinindihan
ang liwanag, bago ito'y tinupok mo muna ng lagablab
ang inanay na haligi ng nangagpanggap. Umimbulog

ang bagong bagwis mula sa abo. Pinagtangkaang
paulit-ulit na yanigin ang walang tinag mong tindig
subali't sa sangangdaang tinatanura'y ibinaon

mong tulad ng muhon ang wastong panandang gabay
para sa namumukod-tanging proletaryo ng daigdig.

** Sa Kanlurang Batangas at Upland Cavite ay kasingkahulugan ito ng sangangdaan, sambat o sabáng*

# SILA

*ni Ka Rosie*

Walang ibang nagpyesta
nagdiwang at nagsaya
sa malungkot na balita
ng iyong pagpanaw kundi sila,

Silang mga walang kaluluwa
isinusubasta ang kalayaan at demokrasya
sa mga halimaw at demonyo
kapalit ng barya at trono

Silang mga mas *bitter* pa sa ampalaya
dahil hinding hindi nila masawata
ang pagyakap ng malawak na masa
sa pinasimulan mong digma

Sila ang mga di maka-*move on*
sa bawat nilang pagkatalo't *frustration*
sa itinakda nilang *deadline* at deklarasyon
at pangarap na maigupo ang rebolusyon

Silang mga ubod-yabang at nagdudunung-
dunungan sa,
pamumulot ng kung anu-anong tsismis, intriga
*fake news* at *black propaganda*
para tabunan ang iyong pagkadakila

Silang mga bulag na sumasamba
sa pera, sa ranggo at pabuya
at ngayo'y nagkakagulo't di nagkakasya
sa termino o pusisyong inookupa nila

Silang mga tunay na mangmang at pulpol
walang bilib sa Marxismo kaya sadyang
mapupurol
kaya hindi manalo-nalo, nahihiwalay sa masa
at di makatarungan kanilang estratehiya

Silang mga hanggang huli'y nabigo
na sa kanilang mga kamay ikaw ay igupo
kasama ang iyong kilusang di mapigil sa
paglago
sa kabila ng mga pagsisikap nilang mga
palalo.

Sila lang iyon, Ka Joma
silang minumulto ng iyong alaala
dahil alam nilang hindi magtatagal
pagbabayarin sila ng bayan mong mahal

Silang sasandakot na naghahari-harian
mga salot sa lipunan, basura ng kasaysayan
walang panama sa laksang mamamayang
bukal ng lakas ng ating kilusan

Ang nilalait nilang rebolusyon ng bayan
ang unti-unting naghuhukay ng kanilang
libingan
at nakatitiyak kaming sa kanilang katapusan
magwawakas din ang kanilang pang-aapi't
pagsasamantala sa bayan.

# Huling martsa ni Amado Guerrero

*ni Ka Lyka*

Ikaw na tinahak landas ng sakripisyo,
Ikaw na bumuhay sa rebolusyon ni Bonifacio.
Ikaw na kinilala bilang si Amado Guerrero,
Ka Jose Maria Sison, bayani ka ng sambayanang Pilipino!

Tinalikuran mo ang kumportableng buhay
At sa sambayanang api, lakas at talino'y inialay.
Uring pinagmulan ay iwinaksi,
At pinuspos ang pagpapanibagong hubog sa sarili.

Hindi ka nangimi sa gitna ng panlipunang ligalig.
Sa harap ng kamalian, sa Marxismo ika'y tumindig.
Mapangahas na pinuna, mga taksil at rebisyunista
Mahusay na tinipon, mga tunay na komunista.

Ika'y makata na lumikha
Ng di mabilang na awit at tula,
Ng mga talumpati at akda
Upang isulong rebolusyonaryong adhika

Ika'y naging kapwa guro at mag-aaral ng masa.
Pinuno ng ating tatlong sandata:
Ang Partido, hukbo at malapad na pagkakaisa
Na siyang gagapi, sa naghaharing lokal at imperyalista.


Ang inyong sinimulan, amin ngayong ipinagpapatuloy.
Sa Partido, hukbo at masa, inyong pakikibaka'y dumadaloy.
Dakila mong ambag sa rebolusyong Pilipino,
Ay dakilang ambag din sa proletaryado ng buong mundo.

Aming tatanganan ang iyong diwa't optimismo
Na hindi magagapi, himagsikan ng sambayanang Pilipino!
'Pagkat walang pag-asa sa malakolonyal at malapyudal na
lipunan,
At demokratikong rebolusyong bayan, ang tanging
kasagutan!

Kaming mga gerilya'y nagpupugay sa iyo kasama;
At panghahawakan, mga aral ng buhay mo't pakikibaka.
Kayong mga naghawan ng bagnos na aming nilalakbay,
Ang gintong tanglaw na sa ami'y gumagabay.

Sa harap ng inyong dambana ay ang aming panata,
Ibayong palalakasin armadong pakikibaka.
Dadagundong ang lakas at lawak ng baseng masa,
Rebolusyong agraryo ay maglalagablab
at kanayunan ay pupula,
Hanggang ganap na maitindig
kapangyarihang pampulitika!

*Disyembre 15, 2023*






# Maging magiting!

*ni V. Sanggangbayan*

Totoong tayo'y nangungulila
pero kailanma'y hindi tayo naulila.
Laan sa kaniya ang mga awit
ang pighati at hinagpis,
bagong-tao tayo sa paghinto
ng pagtangis.

Sadyang tayo'y susulong
pero maari ring bahagyang umurong.
Hindi kinakarinyo ang takot,
ang lungkot at bagot. Dapat,
sa sagabal doon sa paghahawan –
puros tumatangan tayo ng itak
na pantabas sa harang.

Talagang ang gerilya ay makata
pero hindi lamang talinghaga
o sentimyento ng luha,
hindi puwedeng matira ang matibay
dahil ang bagting ay lulubay
hindi makakaasinta ng kaaway.

Oo, hindi tayo malulupig
pero iyon ay kung hindi madadaig
ang pag-ibig sa bayan
na krimen ang turing
nilang nagpipiging sa siphayo
nating tuwina'y dumudulo sa giting!

*Mayo 30, 2023*

# 5 katangian ni Ka Joma na dapat tularan ng kabataan

**BAYANI NG SAMBAYANAN KOMUNISTA, HINDI TERORISTA!**

### 1 MASUGID NA MAG-AARAL NG KASAYSAYAN AT LIPUNAN

Mula pa lamang noong kabataan ni Ka Joma, malaki na ang pagpapahalaga niya sa pag-aaral ng kasaysayan at lipunan. Aktibo siyang nag-organisa ng study circles kasama ang kapwa niya kabataan. Dito, sama-sama nilang pinag-aralan ang mga progresibo at rebolusyonaryong mga sulatin at tinalakay ang mga napapanahong isyu sa lipunan. Nagsilbi itong puhunan upang maunawaan ni Ka Joma at ng kanyang mga kasama ang kahalagahan ng pagbabagong panlipunan sa bansa sa gitna ng matinding krisis dulot ng korapsyon at pasismo ng diktadurang US-Marcos I.

Nobyembre 30, 1964, itinatag niya ang Kabataang Makabayan (KM). Ito ang pinakakomprehensibong organisasyon ng mga kabataan na tumatagos sa lahat ng uri sa lipunang Pilipino. Minulat at pinagkaisa ng KM ang kabataang Pilipino upang ipaunawa ang kanilang papel at ambag sa pagbabagong panlipunan.

### 2 NAGLILINGKOD SA MASANG API'T PINAGSASAMANTALAHAN

Bagaman galing sa isang mayamang pamilya si Ka Joma, lubos niyang ginugol ang kanyang buhay sa paglilingkod at pagtindig para sa inaapi at pinagsasamantalahan. Si Ka Joma ang Tagapangulong Tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas -Marxismo-Leninismo-Maoismo (PKP-MLM) noong panahon ng pananalasa ng Batas Militar. Ang PKP-MLM ang taliba ng makabagong rebolusyong Pilipino. Sa pagkakatatag ng PKP- MLM, muling nabuhay ang mapanlabang diwa ng mamamayang Pilipino na isulong ang digmang magpapalaya sa kanila mula sa kahirapan at pagsasamantala.

Hanggang ngayon, nananatili ang legasiya ng sinimulan ni Ka Joma sa pagpupunyagi ng PKP-MLM, 54 taon na ang nakalipas mula nang maitatag ito. Niyayakap at minamahal ng aping mamamayan ang PKP-MLM, na siyang nangunguna at namumuno sa demokratikong rebolusyong bayan.

### 3 MATAPANG SA HARAP NG INHUSTISYA

Magiting si Ka Joma sa pagsulong ng rebolusyon at tunay na pagbabagong panlipunan. Matapos itatag ang PKP-MLM, pinangunahan din niya ang pagbubuo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), ang tunay na hukbo ng mamamayan. Pinanday at inarmasan niya ng rebolusyonaryong teorya ang noon pang maliit na hukbo na nagpatibay sa hindi magagaping diwa ng BHB sa kabila ng bangis ng palalong pulis at militar.

Naranasan din ni Ka Joma ang matitinding hirap sa pagsusulong ng rebolusyon. Nabihag siya noong kasagsagan ng Batas Militar at nakaranas ng matinding tortyur sa loob ng siyam na taon habang hawak ng pasistang estado. Sa kabila nito, hindi nawalan ng loob si Ka Joma na harapin ang sakripisyo at paghihirap. Mula nang makalaya matapos patalsikin ang pasistang si Marcos, dinanas naman niya ang pang-aapi ng estado mula nang bansagan siyang terorista at idiniyestero sa bansang The Netherlands kung saan siya nabuhay bilang isang political refugee hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay.




### 4 PATRIYOTIKONG ANAK NG BAYAN

Sa kabila ng pagiging political refugee nang mahabang panahon sa isang dayuhang bayan, hindi tinalikuran ni Ka Joma ang pakikibaka para sa paglaya ng mamamayang Pilipino. Kahit libong milya na ang layo sa Pilipinas, matiyagang ginabayan ni Ka Joma ang nakikibakang mamamayan sa pamamagitan ng kanyang matalas na pagsusuri at mga sulatin kaugnay sa kasalukuyang kalagayan ng lipunang Pilipino.

Hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay, optimistiko ang pananaw ni Ka Joma na makakamit ng sambayanang Pilipino ang malaya, mapayapa, at masaganang buhay sa tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Ani Ka Joma, tiyak ang tagumpay ng rebolusyong Pilipino!

### 5 KOMUNISTANG NAKIKIBAKA PARA SA PAGLAYA NG URI

Napakalaki ng ambag ni Ka Joma hindi lang sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa paglaya, kundi pati na rin sa pakikibaka para sa paglaya ng uring anakpawis sa buong daigdig.
Batid ni Ka Joma na ang tagumpay ng rebolusyong Pilipino ay hindi lang dapat maglingkod sa mamamayan ng Pilipinas, kundi pati na rin sa nakikibakang mamamayan sa buong daigdig.
Pinangunahan niya ang pagbubuo ng International League of Peoples' Struggle, kung saan niya ipinamalas ang tatak ng isang proletaryong internasyunalista.
Nakipagkaisa at sinuportahan niya ang iba pang mga bayang naglulunsad ng sariling digmang mapagpalaya at digma laban sa imperyalismo. Matalas niyang ibinandila ang kawastuhan ng MLM sa buong daigdig sa kabila ng paninira at pagpapakana ng mga imperyalista na sirain ito.

Higit anim na dekada ng buhay ni Ka Joma ay inalay niya sa pag-aaral at pagsasapraktika ng rebolusyonaryong teoryang MLM. Nagsilbing tanglaw at gabay sa lahat ng rebolusyonaryo at anti-

imperyalistang kilusan ang kanyang mga pagsusuri, kritika, at mga akda.

Sa kanyang pagpanaw, nakaukit sa puso ng uring anakpawis sa buong daigdig ang kanyang ambag para sa paglaya ng mamamayan mula sa gapos ng imperyalismo. Isinabuhay niya ang tunay na diwa ng komunista at ang hangarin ng komunismong wakasan ang pagsasamantala ng uri upang pandayin ang isang lipunang walang pang-aapi.

Dakilain ang buhay at pakikibaka ni Ka Joma!

Tularan si Ka Joma!

Joma Lives On!

Isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon hanggang sa tagumpay!

*Polyetong inilabas ng Kabataang Makabayan-Mindoro noong Disyembre 2022.*










# Patay na si Joma

## Isang cantata at elehiya


*ni Netoy Martizano*

Patay na si Joma
Nagpalakpakan ang mga anti-komunista at pasista,
Wala na ang binansagang terorista, ang mamamatay tao,
Ang may kagagawan ng delubyo sang-ayon
sa mga matatalinong duguan ang kamay dahil
sa masaker, sa *extrajudicial killing*, sa tortyur
Sabi ng mga nanununog ng tahanan, nambobomba
ng mga bukirin, sa nanghahambalos sa piketlayn.

Patay na si Joma
Ang tinik sa lalamunan ng burgesya,
Ang dahilan ng kanilang *diarrhea*, *insomnia*,
impatso, dysmenoria,
Sila na naiiskandalo pag nag-aalsa ang masa,
mga mangmang naman daw at
inuudyukan lang ng mga hampaslupang komunista.

Patay na si Joma
Nagsipag-antanda ang mga manang sa palasyo,
Nag-*fist bump* sabay laklak ng tsampan ang mga
burukrata sa BGC at Makati,
Biglang nagpa-*zoom meeting* ang embahada ni Mickey Mouse
sa kanilang mga espekulador at ahenteng taga-upat,
Kanda tulo ang uhog at laway ng mga panatikong bangag
Ngising-aso ang mga heneral sa Aguinaldo at Crame.
Isang malaking *scoop*, isang malaking *opportunity*.













Patay na nga si Joma
Babagsak na ang rebelyon sa Pilipinas
Durog na ang kung ilang dekadang insurhensiya,
Wala na nga kasi silang base at 'sang platitong mani
na lang ang kanilang pwersa,
Tuwang-tuwa ang mga pulitiko, nagkamayan at
naghilutan ng ego ang mga kulugo,
Kandangiwi ang *absentee* na pangulo at
tila nag-orgasmo ang reynang may monay sa ulo.

Totoong patay na nga si Joma
At 300 pa rin ang kilo ng sibuyas
Mahal pa rin ang mga gulay, karne, bigas.
Tataas ang presyo ng *diesel* at gaas
Pati kontribusyon sa SSS at Philhealth ay tataas
(saan na kaya ang bilyong ninakaw ng mga ungas?)
Maharlika ang bagong gatasang baka
Nagugutom ang bayan, sila ang gumaganansya.

Patay na si Joma
Nilathala na sa dyaryo, sinabi sa TV at radyo
Nakapaskel na at sa peysbuk ay inanunsyo.
Patay na ang magiting na komunista at rebolusyonaryo,
Namaalam na siya sa mundo,
Pero mananatili pa rin ang kanyang anino,
Ang titis na sinimulan n'ya ay isa ng malagablab
na apoy na tumutupok sa mga tirano.

Patay na si Joma?
'Yon ang kanilang akala,
Andoon lang naman siya sa mga bukirin,
kabundukan, loob ng pagawaan, mga opisina,
sa mga umpukan, sa mga komunidad at tabing riles
sa mga pamantasan, ospital, simbahan,
Andoon si Joma, sa bawat mukha nang inaapi't
nakikibakang masa.

Hindi mamamatay si Joma,
hinding hindi!

*Disyembre 18, 2022*

*Unang lumabas sa bulatlat.com*

# PINAKAMATAAS NA PULANG SALUDO Ka Joma!



Naglunsad ng *21-gun salute* ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa Timog Katagalugan upang bigyang pugay si Ka Joma. Inilunsad ang mga ito bago at kasabay ng pagdiriwang ng ika-54 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas.






Hamon sa ating mga kabataan na patuloy na pag-aralan ang mga itinuro ni Ka Joma at ipagpatuloy rin ang rebolusyong iniwan niya hanggang tagumpay! - *Comrade Kathryn sa isang pulong parangal, Disyembre 25, 2022*








Sa *flaglet* isinulat ang mensahe ng isang Pulang mandirigma para kay Ka Joma.



# Pagpupugay at pasasalamat kay Kasamang Joma

*Public Information Office*
*Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan*
*Partido Komunista ng Pilipinas*
*Disyembre 18, 2022*

"Maaari akong mamatay sa ibang bansa. O maaari ring makabalik nang buhay sa Pilipinas at makasamang muli ang mga pinananabikang mga kasama doon. Ngunit ang importante, saan man naroon, gagawin natin ang lahat ng makakaya para sa kapakanan ng minamahal na mamamayang Pilipino. Tunay, walang hanggan ang pag-asa ng bawat isang rebolusyonaryo na abutin ang tagumpay!"

– Ka Joma (mula sa Sino si Jose Maria Sison?)

Ang Partido Komunista ng Pilipinas sa Timog Katagalugan kasama ang buong rebolusyonaryong pwersa at ang lahat ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan ay ibinibigay ang pinakamataas na parangal at taus-pusong pagpupugay at pagpapasalamat sa dakilang Tagapangulong Tagapagtatag Jose Maria Sison o kilala din sa pangalang Amado Guerero. Kulang ang ating mga salita para dakilain ang buhay-at-kamatayang pakikibaka ni Ka Joma. Inialay niya ang kanyang buong buhay, lakas at talino para sa uring manggagawa at sa lahat ng inaapi at pinagsasamantalahang mamamayang Pilipino at iniugit ang landas ng rebolusyonaryong pagbabago sa Pilipinas. Nagbigay siya ng malaking panahon at ambag sa pagsusulong ng pandaigdigang kilusang proletaryo at pumagitna sa paglaban at pagtatakwil sa modernong rebisyunismo at pagtatanggol sa kawastuhan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang teoretikong tanglaw sa pagpapalaya ng uring manggagawa at sangkatauhan sa kuko ng imperyalismo at lahat ng uri ng reaksyon. Kung paano siya labis na minahal ng mga inaapi at pinagsasamantalahang Pilipino na naghahangad ng tunay na pagbabago, ganundin siya labis na kinasuklaman ng imperyalista at lokal na naghaharing-uring malalaking burgesyang kumprador, panginoong maylupa at burukratang kapitalista.

Siya ang nagturo sa mga proletaryong Pilipino kung paano pamumunuan ang rebolusyong Piipino na may dalawang yugto—ang demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba na siyang tanging landas para maibagsak ang mapang-api at mapagsamantalang sistemang malakolonyal at malapyudal at makamit ang kalayaan, demokrasya at sosyalismo sa Pilipinas. Ibinatay niya ang kanyang mga pagsusuri sa matatagumpay na rebolusyong proletaryo sa daigdig at sa mapanlikhang paglalapat ng Marxismo-Lenismo-Maoismo sa kongkretong kalagayan ng lipunang Pilipino.

Siya ang manunulat at makata, na nagsatitik ng mga adhikain ng sambayanang Pilipino at nagbalangkas ng malinaw na programa para sa katubusan ng sambayanang Pilipino mula sa lokal at dayuhang pang-aapi at pagsasamantala. Ang kanyang mga sinulat na aklat ay patuloy na magiging ilaw at gabay sa kasalukuyan at sa mga susunod pang henerasyon ng mga rebolusyonaryo at Komunistang Pilipino na patuloy na makikibaka hanggang makamit ang isang maunlad, mapayapa at masaganang bayang Pilipinas.

Natatangi ang papel ni Ka Joma para sa muling pag-usbong at pagyabong ng rebolusyong Pilipino na nawaldas ng mga pagkakamali ng lumang pinagsanib na Partido na pinamunuan ng dinastiyang Lava. Maging sa panahon ng muling tatag na Partido Komunista ng Pilipinas kung saan dumaan sa masasalimuot na liko't ikot, patuloy na naging gabay ang kanyang mahigpit na pagtalima sa mga batayang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at matalas na nagsuri sa lipunan at rebolusyon na naging giya para patuloy na taluntunin ang wastong linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Walang salitang lubos na magsasalarawan kung ano ang mga nagawa ni Ka Joma para sa interes ng uring manggagawa at lahat ng inaapi't pinagsasamantalahang Pilipino. Hindi naging hadlang na nagmula siya sa isang marangyang pamilya para maunawaan niya ang kalagayan ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang inaaping uri. Wala siyang sinayang na sandali ng kanyang buhay para iambag ang lahat ng kanyang makakaya sa pagsulong ng rebolusyong Pilipino. Dahil sa kanyang mga wastong pagsusuri sa lipunan at rebolusyong Pilipino, milyun-milyong mamamayan ang namulat at tumahak sa landas ng rebolusyon at nag-alay ng buhay para sa pambansa-demokratikong adhikain.

Marami nang mga aklat ang naisulat patungkol kay ka Joma. Kabilang siya sa 200 Marxistang rebolusyonaryo sa buong mundo. Marami siyang isinulat na aklat at mga artikulo na naging arsenal na mga sanggunian sa mga rebolusyonaryong pag-aaral at seminar hinggil sa teorya at praktika ng MLM sa pagbabago ng lipunan at pagsusulong ng rebolusyon, hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong daigdig. Sa kanyang aklat na Lipunan at Rebolusyong Pilipino, malinaw nyang naipaunawa sa mga rebolusyonaryong Pilipino ang Marxistang kritika sa malakolonyal at malapyudal na bayang Pilipinas at ang batayang pagsusuri sa katangian ng lipunang Pilipino. Binaybay niya ang kasaysayan ng tunggalian sa lipunan at inilantad ang mga salot na nagpapahirap sa sambayanang Pilipino. Higit sa lahat, naipakita nito ang tamang landas upang wakasan ang malakolonyal at malapyudal na pang-aapi at pagsasamantala.




Hindi naging hadlang na nagmula siya sa isang marangyang pamilya para maunawaan niya ang kalagayan ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang inaaping uri. Wala siyang sinayang na sandali ng kanyang buhay para iambag ang lahat ng kanyang makakaya sa pagsulong ng rebolusyong Pilipino. Dahil sa kanyang mga wastong pagsusuri sa lipunan at rebolusyong Pilipino, milyun-milyong mamamayan ang namulat at tumahak sa landas ng rebolusyon at nag-alay ng buhay para sa pambansa-demokratikong adhikain.

Ang kanyang aklat na Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan ang nagsilbing gabay sa lahat ng rebolusyonaryong pwersa paano ilulunsad ang digmang bayan sa isang maliit na bansang pulu-pulo ang kalupaan, hinihiwalay ng malawak na karagatan sa iba pang mga bansa sa Asia at walang likuran na masasandigang makapangyarihang bansang sosyalista—na natatangi sa iba pang mga bansang nagsulong ng rebolusyong pambansa-demokratiko. Inilatag at itinuro nito sa Partido sa TK ang magiging bahagi nito sa kabuuang pagsusulong ng digma—bilang nasa timog ng tarangkahan ng sentrong luklukan ng kapangyarihan ng kaaway.

Sa direktang pamumuno at direksyon ni Amado Guerrero, naitayo at lumakas ang Partido sa Timog Luzon at partikular ang Partido sa Timog Katagalungan. Napangibabawan nito ang mga pag-atake ng kaaway at ang mga kahirapan at balakid sa mga unang yugto ng pagtatayo ng Partido, BHB at rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Hawak ang gabay ng PKDB, MNT at iba pang mahahalagang dokumento ng Partido, sa pamumuno ni Ka Joma, sumulong ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon at nag-akumula ng mga dakilang tagumpay sa pakikibaka. Ang mga tagumpay na ito ang hanggang ngayo'y pinakikinabangan ng mamamayan ng rehiyon. Nagawang labanan ng nakikibakang mamamayan ang mga ganid na asyendero at burukrata, mga montero't konsensyunaryo na nangamkam ng malalawak na lupaing publiko, mga prontera at pastuhan na ngayon ay pinakikinabangan ng libu-libong magsasaka bunga ng tagumpay ng rebolusyong agraryo. Sumulong ang mga manggagawa sa pakikibaka para sa pagpapataas ng sahod at mga benepisyo at tumaas ang kanilang kamulatang makauri. Maraming kabataang magsasaka, manggagawa at estudyante ang nalinang ang pagiging patriyotiko, yumakap sa linyang pambansa-demokratiko at lumahok sa armadong pakikibaka.

Susi ang naging papel ng kanyang sulating Ang Mahigpit Nating Tungkulin na naging komprehensibong gabay ng mga kasama sa pagsusulong ng anti-pasista, anti-imperyalista at anti-pyudal na kilusang masa. Itinuro ni Ka Joma ang kahalagahan ng panlipunang pagsisiyasat para dalhin sa wastong direksyon ang mga pagsisikap ng mga rebolusyonaryo sa partikular na lugar na kanilang kinikilusan. Itinuro niya ang kahalagahan ng teoritikal na pag-aaral sa MLM upang tanglawan ang bawat pagkilos ng mga kasama. Nagdiin siya sa mga pagtatasa at paglalagom. Pinangunahan at ipinagtagumpay sa pamumuno ni Amado Guerrero ang Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto na nagwaksi sa kamalian ng lumang Partido at matagumpay na itinatag at lumakas ang PKP (MLM). Malaki ang nangungunang ambag ni Ka Joma sa pagsasakatuparan ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) noong dekada 1990 upang muling pagtibayin ang mga saligang prinsipyo laban sa sasandakot na mga rebisyunistang taksil na naipuslit ang kanilang sarili sa sentral na pamunuan ng Partido at malubhang puminsala sa Partido at rebolusyon noong ikalawang hati ng dekada 1980. Nagbigay siya ng mayamang ambag sa pagbubuo ng mga depenitibong papel na gumabay sa buong Partido sa IDKP – ang "Muling Pagtibayin ang mga Saligang Prinsipyo ng Partido at Iwasto ang mga Pagkakamali" at "Manindigan sa Sosyalismo Laban sa Modernong Rebisyunismo."

Susi ang naging papel ni Ka Joma bilang Chief Political Consultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan sa reaksyunaryong Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Sa pamamagitan ng kanyang matalas at matiyagang gabay, naipagtanggol ang integridad ng NDFP at rebolusyong Pilipino bilang isang lehitimong pwersang nakikidigma katapat ng GRP alinsunod sa wastong linya ng pagkakamit ng matagalan at makatarungang kapayapaan. Nabuo ang mga papel ng kasunduan ng dalawang panig na naging pundasyon ng usapang pangkapayapaan pangunahin na dito ang The Hague Joint Declaration, Joint Agreement on Security and Immunity Guarantee at ang Comprehensive Agreement for the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law. Habang hindi pa natatapos ang ikalawang substantibong adyenda ng Socio Economic Reforms dahil sa pananabotahe't pagputol ng rehimeng US-Duterte sa usapang pangkapayapaan noong 2017, naiabante naman ang ilang kasunduan sa nilalaman nito na nakasaad sa Agrarian Reform and Rural Development (ARRD). Mga papel kasunduan ang mga itong matibay na gabay ng Partido at rebolusyong Pilipino sa pagkakamit ng tunay at matagalang kapayapaan sa Pilipinas.



Si Ka Joma ang isa sa nanguna sa pagtatanggol at pagtataguyod sa Marxismo-Leninismo-Maoismo sa panahon ng pangingibabaw ng modernong rebisyunismo sa dating sosyalistang China at iba pang mga bansa matapos na pumanaw ang dakilang guro at Tagapangulong si Mao Zedong. Sa kanyang pamumuno, inilabas ang papel na Manindigan sa Sosyalismo Laban sa Modernong Rebisyunismo. Gamit ang MLM, matalas na binigyan nito ng gabay ang Partido't rebolusyong Pilipino, at naging inspirasyon ang kanyang mga sulatin sa iba pang mga Partido at rebolusyonaryo sa iba't ibang panig ng daigdig kung paano uunawain ang panunumbalik ng kapitalismo sa mga sosyalistang bansa. Ginawa ito sa panahon ng opensiba ng imperyalismo laban sa sosyalismo at MLM laluna ng ganap na nag-alis ng maskara ang Unyong Sobyet sa panahon ni Gorbachov noong 1991. Mahigpit na tinanganan ni Ka Joma ang Maoistang

turo kaugnay sa pangangailangan ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng proletaryong diktadura upang makonsolida't mapatatag ang sosyalismo. Isa si Ka Joma sa nanguna sa internasyunal na kilusang anti-imperyalista at sa katunayan ay siyang naging Tagapangulo ng International League of People's Struggle (ILPS). Pinangunahan din ni Ka Joma ang paglulunsad ng mga kumperensya ng mga Marxista, Leninista, Maoistang Partido sa buong mundo. Tampok dito ang mga nailunsad na serye ng International Conference of Marxist Leninist Parties and Organization (ICMLPO) noong dekada 1990. Sa pamamagitan nito, nakamit ang mataas na pagkakaisa ng mga kalahok sa teorya at praktika ng Maoismo. Sa ganito, kinilala si Ka Joma bilang isa sa nangungunang lider at guro sa internasyunal na kilusang anti-imperyalista at internasyunal na kilusang komunista.

Masaklaw at malalim ang mga naiwang turo at gabay ni Ka Joma para sa proletaryong Pilipino at pandaigdigang kilusang sosyalista. Sapat-sapat ang mga ito para ihatid sa tagumpay ang rebolusyong Pilipino. Sadyang kapos ang parangal para isa-isahin ang mga nagawa ng dakilang Ka Joma para sa sambayanang Pilipino. Sa pagpanaw ni Ka Joma, nawalan ang uring manggagawa at uring anakpawis ng pinakadakilang Pilipinong Komunistang lider at teoretisyan na nabuhay sa kanyang henerasyon. Ang pagpanaw ni Kasamang Joma ay hindi ang wakas, kundi ang pasimula ng mga bagong uusbong na mga proletaryong rebolusyonaryong Pilipino para ipagpatuloy ang nasimulan ni Ka Joma at ng iba pang rebolusyonaryong martir. Hamon sa bawat isa sa atin na masusing aralin at ilapat sa kongkretong praktika ang aral at gabay, ang mga matalas na pagsusuri ni Ka Joma sa iba't ibang usaping pambansa at panlipunan. Ang ganap na tagumpay ng rebolusyong Pilipino ang tanging maihahandog natin sa pagpaparangal kay Ka Joma dahil ito lamang ang magiging katuparan at lulubos sa isinusulong nyang adhikain sa kanyang buong buhay para sa bansang Pilipinas.

Gawin natin ang buong makakaya at ialay ang ating mga sarili upang dalhin hanggang tagumpay ang bagong tipong pambansa-demokratikong rebolusyon sa Pilipinas.

Mabuhay ang alaala ni Ka Joma!


Mabuhay ang Rebolusyong Pilipino!

Sumulong hanggang sa tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon at sosyalismo!

#TuloyAngLaban
#DakilaKaJMS
#JMSliveson
#CPPdimagagapi
#JMSinspireREVOLUTION
#SalamatKaJoma
#JMScommunistNOTterrorist
#JMSmahalngMasa

# KA JOMA LIVES





# pasasalamat

Nagpapasalamat ang KARED-TK sa mga nag-ambag ng kanilang mga tula, sulatin, litrato at sining biswal. Gayundin, pinapasalamatan ang mga nagbigay ng pahintulot na gamitin ang kanilang mga likha.

Marami ring salamat sa mga yunit ng NPA at mga organisasyong masa na nagpadala ng mga litrato ng kanilang *gun salute* at pulong parangal para kay Ka Joma.

Ginamit sa librong ito ang sumusunod:

Pahina 4, *Painting*, "Ka Joma Lives" ni Cris Resurreccion

Pahina 8, Dibuho mula sa ARMAS - TK

Pahina 12, Poster mula sa BAYAN - Southern Tagalog

Pahina 15, Dibuho mula sa Kalatas

Pahina 16, Poster mula sa Bienvenido Vallever Command - BHB Palawan

Pahina 19, *Painting*, Walang pamagat mula sa BAYAN - Batangas

Pahina 27, *Painting*, "JMS" ni Ka Bagong Pag-asa

Pahina 30, Halaw sa "Isinapilipinong mga Tula mula sa Prison and Beyond ni Jose Ma. Sison" ni Gelacio Guillermo

Hindi ang paraan ng pagkamatay
Ang sukatan sa pagiging bayani
Ito ay ang kahulugang hinango
Sa mga pakikibaka sa kaaway.

Nandiyan ang bayaning namatay sa larangan ng digma
Nandiyan ang bayaning namatay sa gutom at sakit
Nandiyan ang bayaning namatay sa sakuna
Nandiyan ang bayaning namatay sa katandaan.

Anuman ang paraan ng pagkamatay
May nag-iisang pamantayan:
**Pinaglilingkuran ng bayani ang mamamayan**
**Hanggang sa kahuli-hulihan niyang hininga.**

*- Salin ng "What makes a hero" ni Jose Maria Sison*
*Disyembre 10, 1977*